



**TELEPATIKONG
MENSAHE NG WALANG-
HANGGANG AMA SA
TERESTRENG MUNDO**



Selestiyal na Siyensiya

ALPHA AT OMEGA



TELEPATIKONG MENSAHE NG WALANG-
HANGGANG AMA SA TERESTRENG MUNDO;
IKALAWANG MENSAHE; LINGID SA MUNDO
ANG UNANG MENSAHE NA NAKAKUBLI SA
RELIHIYOSONG BATO.-

Oo, mga anak; isinilang ang taong naghahanap ng katotohanan; pinasisimulan ito para sa mundo ng kaalaman na hinintay ng Rebelasyon nang ilang siglo; ginagamit ng inyong Manlilikha ang Buhay na Doktrina para paunlarin ang mga mundo; ipinadala Niya sa inyo noon ang Batas ni Moses; na sinundan ng Doktrinang Kristiyano; ang ikatlo, na sinisimulan na, ay ang Doktrina ng Kordero ng Diyos; tatawagin din ang Doktrinang ito

bilang Selestiyal na Siyensiya; nagmula ito sa mga elemento ng kalikasan; ang Telepatikong Banal na Kasulatan ay paraan ng pakikipag-ugnayan ng Lumikha ng Sansinukob; ganito na noon pa man; noong Nakaraan, tinanggap ng mga propeta ang mga doktrina sa pamamagitan ng telepatiya; dahil ang lahat ng bagay ay may pinagmulan at dahilan ng pag-iral; walang katapusan ang Doktrina ng Kordero ng Diyos; sapagkat wala nito ang sansinukob; at dahil dito, kakalat ito sa buong mundo; isasalin ito sa lahat ng wika sa mundo; magiging impluwensiyal ito sa pagbagsak ng mapagsamantalang materyalismo; sapagkat darating sa mundo ang bagong moralidad; ang moralidad na nauukol sa Milenyo ng Kapayapaan; lagi't laging binabago ng mga Doktrina ng Walang-Hanggang Ama ang mga mundo; katulad ng nangyari na sa Nakaraan ng Daigdig; hiniling ng mga kasalukuyang

espiritu ng tao ang Bagong Rebelasyon; at ipinagkaloob ito sa inyo; ang bawat sandali sa inyong pag-iral ay hiniling at ipinagkaloob sa inyo; ang Bagong Rebelasyon ang pagpapatuloy ng mga Sagradong Kasulatan; isang bagay ang palaging pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan at iba pang bagay ang pagiging relihiyoso; walang-hangan ang una sapagkat ang laging hinahanap ng inyong espiritu ang pinagmulan nito; ang ikalawa ay ang komersiyo ng pananampalataya; ang mga relihiyon ang unang inakusahan sa mundo; sa Doktrina ng Kordero ng Diyos; hinati ng tinatawag na mga relihiyon sa kanilang moralidad ng tao ang mundo ng pananampalataya; wala silang karapatang gawin ito; nakalimutan na nilang iisa lamang ang Diyos; iisang katotohanan; si Satanas lamang ang humahati, at hinahati niya ang sarili; ang mga Pariseo ng panahong Romano ang ang mga relihiyosong espiritu;


hiniling nila sa Diyos na muling isilang upang iwasto ang mga kamalian sa Nakaraan; ibinigay sa kanila ang pasubok; huwag kalilimutan, mga relihiyosong tao sa mundo, na bawat espiritu ay sinusubok sa pinili niyang kapalaran; ginawa din ninyo, kayong mga espiritu ng bato, ang ganitong bagay sa malalayong mundo; hinati ninyo ang ibang mga kawan; nag-iwan kayo ng kalituhang espiritwal sa ibang mga nilalang; pinuno ninyo ng mga materyal na templo ang maraming planeta; at muli niyong ginawa ito sa Daigdig; kaya kayo ang mga unang huhusgahan; sapagkat sa paglabag sa batas, kayo ay nagiging antikristo; at ganito rin ang mga lumalabag sa mga Kautusan; bibigkasin mo ang banal na inang simbahan; sasabihin ko sa iyong wala sa mundong ito ang santo o banal; ang tunay na pagpapakumbaba ay hindi nangangailangan ng mga titulong hindi kinikilala sa Kaharian ng Langit; ganito kahit sa mga mikroskopikong

planeta; tanging ang Ama lamang at ilang propeta ang nakaaalam sa planetang-alikabok na tinatawag na Daigdig; sapagkat walang katapusan ang Buhay na Sansinukob ng Amang Jehova; at singungaling ang sinumang mag-iisip na siya ay malaki; nakasulat sa inyo ang salitang puta; sapagkat nangangalakal kayo gamit ang aking Batas; ang mga bulag ay sumusunod sa mga bulag; na ipinapasa sa iba pang mga bulag ang inyong mga kamalian; kapag lumaganap ang bagong Doktrina, mahahati ang inyong bato ng espiritwal na pagkamakasari; hindi sinisimbolo ng salitang bato ang kawalang-hanggan ng lahat ng bagay; relatibo ang Daigdig at may hangganan; iniisip ninyong walang-hanggan ang inyong simbahan; darating ang mga pangyayaring magtutuwid sa inyo sa kamaliang ito; ang mga mapagpakumbaba at may mabuting puso lamang ang makatatamo ng walang-hanggan; hindi iyong mga imoral na

nagtuturo ng moralidad; nang sabihin ng aking Unang Anak sa nakaraan ng Daigdig; sa batong ito itatayo ko ang aking Simbahan, sabi niya nang makita ang Hinaharap ng sangkatauhan; sapagkat nasa lahat ng dako ang Solar na Trinidad; nasa mga buhay na panahon din ito; Nakaraan, kasalukuyan, hinaharap; At ano ang kaniyang nakita? Nakita niya ang lahat ng inyong paglabag; nakita niya kung paano ninyo pinarusahan ang mga inosenteng nilalang; sapagkat hindi nila pinaniwalaan ang inyong mga idea; nakita niya kung paano ninyo sila minanmanan; nakita niya kung paano ninyo pinarusahan ang mga dakilang palaaral at manunulat; sapagkat lamang ipinakita nila sa inyo ang mga kamalian; nakita niya kung paano ninyo koronahan ang mga terestring hari; alam ninyo, kayong makasariling bato, na iisa lamang ang Hari ng mga hari; ang dakilang Ama; ang Nag-iisang nagbibigay at bumabawi ng buhay;

sa selestiyal na mundo lamang ang titulo ng mga hari; ang demonyo ay tinatawag na haring-espíritu; hindi itinuturo ng mga kautusan na maging mga Hari; itinuturo ng mga ito ang pagpapakumbaba higit sa lahat ng bagay; nakita niya kung paano ninyo pinagpapala ang mga kamay na ginagamit ng mga anak ng Ama sa pagpatay sa isa't isa; alam ninyo, kayong mga demonyo, na sinasabi sa banal na Kautusan na: Huwag kang papatay; nakita niya ang komersiyo ng pananampalataya; at nakita niya ang lahat ng imoralidad sa inyong espíritu; mas mainam pang hindi na lamang humiling na muling isilang bago muling lumabag; walang halaga ang inyong relihiyon sa Kaharian ng Langit; at ang bawat moralidad na nagpapanggap na humahati sa pananampalataya ng mga anak ng Ama ay di-umiiral; ang tanging templong kinikilala sa Kaharian ay ang templo ng paggawa; ang paggawa ang pinakamatandang

umiiral na mandato; bago nabuo ang inyong mikroskopikong planeta, umiiral na ang paggawa sa mga kolosal na mundo; hindi kailanman naging alikabok ang templo ng paggawa; ang inyong mga materyal na templo ang nagiging alikabok; kasama nitong naglalaho sa planetang ito ang materyal na pagsamba; pagsambang hindi na sana itinuro; sapagkat sa pagsambang ito na nababalot ng pakunwaring kabanalan, pinigilan ninyo ang pag-unlad ng mundo sa loob ng dalawampung siglo; sa kanilang moral at espiritwal na papel.-



Oo, anak; ipinakikita ng banal na guhit na

nagkakaroon ng katarungan sa parehong paraan na nalilikha ang mga nilalang; nakita ng lahat ng espiritu ng tao ang katarungang ito sa Kaharian ng Langit; sapagkat I lahat ay may kakayahang makita ang sariling katarungan; lahat ay umiiral sa Kaharian ng Langit; walang bulag sa mundo kung espiritwalidad ang pag-uusapan; umaangkop ang katarungan sa iyong mga ikinikilos; sapagkat bawat isa ay nangakong lilikha ng sariling langit; may batas ang katarungan sa Buhay na mga Kautusan; na siyang batayang susukat sa inyo; may intensiyon ang inyong mga idea; at bawat intensiyon ay nagiging pisikal at buhay sa Kaharian; hinuhusgahan ang intensiyon kapag ang espiritu ay lumabag gamit ito; ang katawan ng tao ay produkto ng mga batas magnetiko; hinango mula sa makrokosmos, at tinatawag na mga banal na batas; ang sinumang nagtatatwa na siya ay banal sa mikroskopiko na kaniyang

kinakatawan ay nagtatatwa rin sa Ama; na ang nais lamang ay ang kabutihan ng Kaniyang mga anak; at ang sinumang nagtatatwa sa Ama ay nagtatatwa rin sa sarili niyang walang-hanggan; sapagkat sa walang-hanggang kalangitan, nababasa nila ang kanilang isip; at kapag binabasa ng mga banal na nilalang ang mga espiritu, hinuhusgahan nila ang mga ito; ang sinumang magtatwa sa Ama, ay hindi papapasukin sa Buhay na Kalangitan; anuman ang gawin ninyo sa ibaba ay babalik sa inyo sa itaas; at hindi nagbabago ang Batas saan man magpunta ang inyong espiritu; ang mga mandato ko ay pareho lamang sa ibaba at sa itaas; ang nababago ay ang pilosopiya na isinasabuhay nang panandalian; ang inyong katarungan ay at dapat na espiritwal; hindi nananatili sa iyong asin ng buhay ang anumang materyal; sa inyong kaalaman; ang natatanging realidad ng bawat espiritu ay ang walang-

hanggang isinasabuhay nito; hindi ang efimerong nadama nito nang may pisikal na katawan ito; ang katawan ng laman na hiniling nito; at ipinagkaloob ito sa kaniya; ang pagbibigay ng pisikal na katawan ay hindi tulad ng pagbibigay ng kung ano; ang katawan ay buhay na pansamantalang humiling din ng pisikal na heometriya; at ipinagkaloob ito; ang pagpapamana ay pareho sa lahat; parehong may karapatan ang mater at espiritu; parehong hiling; nagsasama ang mga espirital at materyal na batas; na kilala sa Kaharian ng Langit bilang Kaban ng Tipan; sapagkat hindi basta-basta nagkakaroon ng materyalisasyon ang espiritu; isinasagawa ito nang may responsabilidad; ang pagsasabi ng salungat nito ay paghamak sa sarili; at sinumang humahamak sa sarili, humahamak din sa Ama; na nasa kaniyang loob; hindi ninyo ba alam na nasa lahat ng dako ang inyong Manlilikha? Sa kung

ano ang nahaharaya at di-nahaharaya? Tunay nga na alam ninyo ito sa salita; ngunit hindi sa isip; sa sarili ninyong pagkukusa; sa pawis sa inyong mukha; sa sarili ninyong kagalingan; makahahanap ang sinumang naghahanap; sapagkat pinagpapala siya ayon sa digring ginamit niya sa dakilang paghahanap; sapagkat maaari kayong maghanap ng maraming bagay sa inyong pag-iral; at kung hindi ninyo hahanapin ang Amang nagbigay sa inyo ng buhay, hindi kayo makapapasok sa Kaharian ng Langit; hindi kailanman nakapasok ang ingrato; iyon lamang may mabababang-loob; iyong sinuong ang kanilang mga pagsubok sa buhay; sapagkat ang mga ito ang mga pagsubok na hiniling ng mga mapagpakumbabang sarili sa Kaharian; ang bawat pagsubok na hinaharap sa buhay sa bawat panahon, sa bawat segundo, ay hiniling at ipinagkaloob; hiniling ninyo kahit ang paraan at katangian ng inyong kamatayan;

at sa inyong mga pagsubok, hiniling ninyo na matamo ang pinakamataas na moralidad, ang nag-iisang moralidad; sapagkat hindi kayo kailanman makapapasok sa Kaharian ng Langit kung wala kayo nito; at humiling kayo na ang ituro ang moralidad na ito sa Daigdig; at ibinigay sa inyo ang mga Banal na Kautusan; ang mga ito ang tungkod; ang mga ito ang batayan ng paghuhusga sa inyo; at magiging ganito ito hanggang sa pagtatapos ng planetang ito; hindi kailanman ako mapag-aaralan ng espiritu ng tao; ngunit ang hindi pagsasabuhay ng moralidad ng aking mga Kautusan ay karimlan; sapagkat hindi ninyo kailanman mapapasok ang kinaroroonan ng Ama; napakatagal ng panahong malalayo kayo sa liwanag, na kailangang isilang kayong muli upang mabasa ang numero; ano ang wala sa inyong mikroskopikong ebolusyon; ang katarungang hiniling ninyo ay nagsisimula sa

pinakamikroskopikong bagay na inyong maiisip; sapagkat ang pinakamaliit at may pinakamababang-loob ang una sa lahat; una sa Kaharian ng Langit at sa Banal na Katarungan nito; at una sa harap ng Dakilang Amang Jehova; at ang pinakamikroskopikong bagay na inyong maiisip; ay ang inyong mga idea; mga ideang nililikha ninyo araw-araw; mga ideang hiniling ninyo sa Kaharian; mga ideang nadarama ninyo ngunit hindi nakikita; lahat ng inyong ideya ay naglalakbay nang pisikal sa espasyo; katulad ninyo, may mga karapatan din ang mga ito; hiniling ninyong isilang sa mater; ang mga ito rin; hiniling ninyong mamuhay sa isang panahon at espasyo; gayundin ang inyong mga ideya; kung ano ang nasa itaas, siya ring nasa ibaba; ang pagkakaloob ng mga kahilingan ay pareho sa lahat; humihiling ang malalaking nilalang at humihiling ang maliliit na nilalang; humihiling ang buhay na mater at humihiling

ang buhay na kawalan; lahat ay ipinagkakaloob
ng Ama; sapagkat Siya ang impinito;
naglalakbay sa espasyo ang inyong mga ideya,
di-mapantayang mga distansiya; mga
distansiyang hindi ninyo makakalkula; tanging
ang Ama lamang ang nakaaalam; kinikilala ang
inyong mga ideya sa Kaharian bilang
Galaktikong Punla; sapagkat sa mga ito kaya
nalilikha ang mundo sa inyong sariling langit;
nakasulat ito sa kalayaan kong mamili: Bawat isa
ay lumilikha ng sarili niyang langit; sapagkat
taglay ninyong lahat sa mikroskopikong anyo
ang kaloob ng Ama; anuman ang mayroon ang
Ama, mayroon din ang mga anak; gayundin sa
mga terestreng magulang; namamana ng
kanilang anak ang kanilang mga katangiang
henetiko; kung ano ang nasa itaas, siya ring nasa
ibaba; ang ipinamana ng inyong Ama ay
kawalang-muwang at kakulangan ng pilosopiya;
sapagkat ang kalayaan ninyong mamili ang

namimili; at kung ano kayo ay dahil sa inyong kagalingan; sapagkat lahat ay natatamo sa pagpapawis; espiritwal na pagpupunyagi; wala sa Likha ng Ama ang hindi pinagbabayaran; lahat ay may kabayaran at pagbabayaran; sapagkat kung wala ang espiritwal na kagalingan, hindi kayo makapapasok sa Kaharian ng Langit; walang halaga sa langit ang mga kaginhawaan sa inyong mundo; bawat ginhawang natamo na sa mundo ay kaloob na natamo na; at dahil dito kaya nasusulat: At natamo nila ang kanilang gantimpala; walang halaga sa Langit ang lahat ng materyal na kasiyahan; lalo na iyong mga kasiyahang produkto ng pilosopiyang hindi nagsasaalang-alang sa mga Kautusan ng Ama; bilang na ang mga araw ng ganitong pilosopiya; sapagkat ang Manlilikha ay nagbibigay at bumabawi; ang inyong materyalistikong pilosopiya ay matitigil; sapagkat lahat ay may panahon din; sapagkat

lahat ay relatibo sa mga Kautusan ng Ama; ang relatibidad na hiniling ninyo mismo sa inyong mga pagsubok sa buhay; ang pagguho ng sarili ninyong sistema ng buhay ay ang pagbagsak ng iyong pasanin; ito ang pinakamahalagang pangyayari sa mga mababang-loob; sa mga pinagsamantalahan at hinamak; sapagkat lahat ay pantay sa harap ng Diyos; walang ipinanganak na mayaman at walang ipinanganak na mahirap; nilikha lamang ng mga mapagpitang espiritu; ng mga nabubuhay lamang sa kasalukuyan; ng mga espiritung talagang paurong sa kanilang ebolusyon; sapagkat sa ganitong momentaryong paraan ng pag-iisip bago ang walang-hanggan wala silang ibang ginawa kundi sakupin ang mundo; lahat ng mga demonyong ito ay huhusgahan ng mundo mismo; sapagkat walang may nais na hatulan ang kaniyang kaluluwa; babaguhin ng Liwanag ng Doktrina ng Kordero ng Diyos ang

mundo; sapagkat iyan ang nakatakda sa Kaharian ng Langit; ginawa ng mundo ng Daigdig ang kabaligtaran ng iniutos dito; ilang siglo nang sinasabi ito ng aking Banal na Kautusan: Ang mapagpakumbaba ang nauuna; sa lahat ng kaayusan ng mga bagay; At ano ang ginawa ninyo sa Banal na Kautusan? Ang mga mapagpakumbaba ko ba ang namumuno sa mundo, sapagkat sila ang una sa lahat ng bagay? Hindi; sapagkat nakikita kong hinahamak ang bawat isa sa kanila; hindi sila maaaring maging bahagi ng imoralidad na tinatawag ninyong mataas na lipunan; at sino ang nagbigay sa inyo ng karapatan na lumikha ng ganitong lipunan? Nasa Banal na Kasulatan ko ba ito? Sinasabi ko sa inyong mga demonyo ng kapalaluan na bubunutin ang ugat ng bawat pilosopikong punong hindi itinanim ng Manlilikha; ganyan ang bawat buhay na ebolusyon; At sino ang lumikha sa inyo at nagtalaga sa inyo bilang mga

hari? Alam ba ninyo na ang Ama lamang ang tanging Hari ng mga hari? At hindi mula sa mundong ito ang titulong hari; nasa mundong Panlangit ito; tinatawag na haring-espiritu si Satanas; itinuturo ng mga Banal na Kautusan ang kababaang-loob higit sa lahat; hindi itinuturo sa mga ito kung paano gawing hari ang sarili; sinasabi ko sa inyong mga demonyo ng kasumpa-sumpang aristokrasiya; na wala sinuman sa inyo ang makapapasok sa Kaharian ng Langit; maging ang inyong mga anak hanggang ikatlong henerasyon; sapagkat sa Buhay na Sansinukob ng Amang Jehova, bawat pamana ay naipapasa; hindi dapat maging palalo kahit sa napakaikling panahon; sapagkat kahit isang segundo o mas maikli pa ng paglabag, hindi kayo makapapasok sa Kaharian ng Langit; sa mga kapoot-poot na hari ng mundo, isusumpa kayo ng kainosentehan ng inyong mga anak; dahil sa inyo, hindi sila makapapasok sa

Kaharian ng Langit; sampu ng bawat lalaki at babaeng nagsilbi sa inyo sa intong kasuklam-suklam na pilosopiya; walang isang demonyong tinatawag na aristokrata ang makapapasok sa Kaharian; dahil sa Kaharian, ang kagalingan ng Paggawa lamang ang kinikilala; ang Unibersal na Pilosopiya; ang hinihiling ng bawat mapagpakumbaba at tapat; iyong mga naging at kasalukuyang hari sa Daigdig, ay mga nalinlang na espiritu sa kapalaluan; nasa kanilang mga mga espiritu ang galaktikong impluwensiya ng iba pang mga pag-iral; mga kairalan kung saan ang lahat ay materyal at hindi intelektuwal na liwanag; ang asin ng buhay na angkop sa karimlan; at walang demonyong hindi naging hari sa ilang mundo; pinangungunahan ang pilosopiyang ito ng walang iba kundi si Satanas; simula nang siya ay magrebelde; at lahat ng lehiyon na kasama niyang nagrebelde; lahat ng espiritu ng tao na humiling na magkaroon ng

kawan, ng nasyon na may pinunong hari; ay kabilang sa lehiyon ni Satanas; sapagkat nanggaling kayo sa langit; at maging ang demonyo ay nanggaling doon; habang nasa langit, nakukuha ng mga espiritu ang kostumbre ng ibang mga nilalang; katulad ng nangyayari sa inyo; kung ano ang nasa itaas, siya ring nasa ibaba; ang mga gumagaya kay Satanas ay nasa hanay ng mga relihiyoso, mayaman, hari, at ng mga isinumpa na lumilikha ng mga pilosopiya ng lakas; ngunit walang demonyo ang mananatili; dinadalisay ng buhay na Mundo ng dakilang Ama ang lahat; binabago ang lahat; katulad nang baguhin niya ang matandang mundo gamit ang Batas ni Moses; at pagkatapos ang Doktrinang Kristiyano; ngayon ginagawa Niya ito gamit ang Doktrina ng Kordero ng Diyos; at wala nang mas dadali para sa Manlilikha ng Sansinukob kundi ang baguhin ang mundo ng laman gamit ang kaniyang Buhay

na Salita; ang parehong Salitang sinabi ilang panahong panlangit na ang nakalilipas: Magkaroon ng liwanag at nagkaroon ng liwanag; ang parehong Salita na bumubuo sa Banal na Kasulatan; ang parehong Salita na nagbigay sa inyo ng mga Kautusan; ang parehong Salita na humuhusga una sa pamamagitan ng intelektuwalidad, at ng mga pisikal na batas pagkatapos; sapagkat sa paraang ganyan hiniling ito ng espiritu; hiniling nilang malitis sa Huling Paghuhukom mismo; katulad ng paghiling nilang masubok sa bawat pagkakataon ng kanilang buhay; simula sa kahirapan sa pag-unawa sa aking mga Banal na Kasulatan; lahat, at walang dudang lahat, ay hiniling ninyo; maging ang mga pinakaminimal na detalye ng Siyensiya ng Kordero ng Diyos; nagbibigay ito ng idea sa inyo na kinokontrol mula sa Kaharian ng Langit kahit ang hindi ninyo nakikita; ang sensasyong hindi ninyo

matukoy; ang hustisya ay para sa inyong isip; inyong mga idea; inyong mga intensiyon; sa paraang ganyan ninyo ito hiniling sa Kaharian; at hiniling din ninyo ang pagkalimot ninyo sa inyong pinagmulan; sa paraan at mga detalye kung paano kayo nilikha; ngunit kailangan ninyong malaman ang lahat; sapagkat hiniling ninyong malaman sa Daigdig ang Liwanag ng Kordero ng Diyos; hiniling ninyong masiyahan sa kaalaman; hiniling ninyo ang isang Bagong Doktrina; at ang sorpresa sa pagdating ng Doktrinang ito; ang Doktrina ng Kordero ng Diyos; matagal na dapat itong nalaman; itinago ng kakulangan ng kaalaman at ng materyalismo ng relihiyosong bato ang katotohanan sa inyo; nasa kanila ang Rolyo ng Kordero; inabot sa kanilang mga kamay ang mga unang Rolyo; sapagkat sinubok sila; bawat espiritu ay sinusubok; ang mga demonyong nagtuturo ng pananampalatayang hindi nila pinaniniwalaan;

hiniling nilang mauna sa pagtamo ng kaalaman sa katotohanan; at ipinagkaloob ito sa kanila; itinago nila ang katotohanan sapagkat nagkalinga sila ng makasariling bato sa kanilang mga puso; sila ang may pinakakatiting na paniniwala; naiimpluwensiyahan sila ng mga batas ng materyal na pagsamba; isang paraonikong tradisyon; na nagtataas sa tao; sinasabi kong talaga sa inyong mga demonyo ng pagsamba na walang huwad na pag-iral ng aking salita ang makapapasok sa Kaharian ng Langit; wala ni isang makasariling bato ang makapapasok; isusumpa kayo ng henerasyong ito at ng mga susunod pa; sapagkat sa inyong mga demonyo, hindi makapapasok sa kaharian ang humanidad; sapagkat ang bawat segundong lumilipas ay pamumuhay nang may paglabag; kahit isang segundo o mas maikli pa ng alinmang uri ng paglabag ay sapat na upang hindi makapasok sa Kaharian ng Langit; at nang

ipagkait ninyo sa mundo ang katotohanan,
inilayo ninyong lalo ang humanidad sa
Kaharian; sapagkat ipinagpapatuloy ninyo ang
kamalian, dumarami ang segundong iginugugol
sa kamalian; bawat segundo ng paglabag ay
langit na sarado sa mga nilalang; pagsama-
samahin ninyo ang mga segundo sa loob ng
isang ng minuto, oras, araw, linggo, taon, at ang
mga segundo sa loob ng mga taong nabuhay
kayo; at bawat kalkulasyon ay kailangang
isagawa mula sa edad na labindalawang taon;
bago ang edad na iyan; inosente sa harap ng
Diyos ang espiritu; at hindi makapapasok sa
Kaharian ng Langit ang sinumang may
ginawang masama, sa kilos o salita, sa isang
segundo o mas maikli pa, sa mga inosente ko;
sapagkat idinaing nila sa Kaharian sa iba nilang
pag-iral ang pagmamalupit sa mga inosenteng
katulad nila; dahil dito kaya nasusulat: Huwag
mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin nila sa

iyo; dahil dito, hindi makapapasok sa aking kaharian ang masamang ama o ina o amang-panguman o inang-panguman o lalaki o babaeng siyang may responsabilidad sa mga bata; nakasalalay ang kanilang kapalaran sa katarungan ng mga inosente ko; sapagkat ang maliliit ay malalaki sa Kaharian ng Langit; Hindi ba itinuro sa inyo na nauuna sa harap ng Ama ang mga mapagpakumbaba ? Ibig sabihin, lahat ng mikroskopiko ay una sa Katarungan ni Amang Jehova; dahil dito, hindi nauuna sa kaharian ang inyong espiritu; nasa unahan ang mga hinamak ng inyong espiritu sa Daigdig; hindi kayo maaaring humiling na mauna; sapagkat inutusan kayong maging mapagpakumbaba higit sa lahat; laging mapagpakumbaba ang nasa huli; hindi niya iniisip na siya ay mahalaga; sinasabi kong talaga sa inyo na hindi makapapasok sa Kaharian ng Langit ang sinumang mag-isip na siya ay

mahalaga; kahit na tumagal lamang ng isang segundo o mas maikli pa ang maling importansiyang iyan; at lahat ng may masasamang isip na ginawa ito sa parehong haba ng panahon; ay hindi makapapasok sa Kaharian ng Langit; ang pagbagsak ng humanidad na ito ay dahil sa mali at makamundong konsepto na inukilkil sa inyo ng maling moralidad ng mga relihiyosong bato; ang putang ito na nangangalakal nang ilang siglo gamit ang pananampalataya; ay kumilos ayon sa kaniyang temporal na interes; hindi niya isinaalang-alang ang may mababang kalooban; hindi pinaliligiran ng mapagpakumbaba ang sarili ng mga kayamanan; hindi niya pinapalsipika ang sarili; sapagkat napagdaanan na ng may mababang kalooban ang dinadaan ng mga naghahanap ng kasikatan; paurong na espiritu ang mga materyalista; na umaasa sa mikroskopikong kasalukuyan; higit pa, wala

silang malay sa mga batas ng espiritu; ito ang katangian ng mga tinatawag na papa; puno ng mga puta; hindi kinikilala ang mga nilalang na ito sa Kaharian; dahil wala ni isa ang nakapasok; ang mga mapagpakumbaba at di-palalo ang nakapapasok; at hindi rin kinikilala ang mga relihiyon; at kahit ang inyong planetang-alikabok; dahil ito sa mga impinitong batas; isa na rito ang batas na walang-hanggan ang Sansinukob; dahil dito, bawat pantasya ay nagiging realidad; isa pang batas ang nagsasabing lumilikha ang bawat isa ng sarili niyang langit; at sa paraang iyan nilikha ng mga tinatawag na papa at ng kanilang mga tagasunod ang sarili nilang mga mundo gamit ang pilosopiya ng materyalistikong pagsamba na labis nilang itinatangi; sapagkat pinalilibutan ng langit ang bawat mundo; at bawat isa ay lumilikha ng sarili nilang langit; ang materyalistikong pagsamba ay hindi isang puno

na itinanim ng Dakilang Ama; at hindi ito kinikilala sa Kaharian; gayundin ang alinmang doktrina o siyensiya o sekta na hindi isinasaalang-alang ang aking mga mapagpakumbaba, sapagkat sinasabi kong talaga sa inyo na ang planetang ito ay dapat na pinamamahalaan ng mga may mababang kalooban; sapagkat sila ang una sa kaharian; sapagkat sila ang una sa itaas, at gayundin dapat sa ibaba; at nangyari na ang kontraryo; ang mundong ito ay pinamamahalaan ng mga hindi humihiling nito sa Kaharian; ang mga espiritu ng karimlan ang namamahala sa inyo; sapagkat sa kanilang mga posisyon, hindi nila ito ginagawa sa ngalan ng Liwanag; hindi nila ako binabanggit sa kanilang mga tamumpati; hindi nila layunin ang Manlilikha; hundi ang efimero; na tumatagal lamang ng isang buntong-hininga bago ang walang-hanggan; nababasa ko ang kanilang mga isip; nakikita ko ang kanilang mga

kalkulasyon; sapagkat ako ay nasa lahat ng dako; nakikita kong bumubuo sila ng sarili nilang mundo ng karimlan; sinasabi ko talaga sa inyong mga hangal at palalong pinuno na wala sa inyo ang mananatili; at wala sa mga hindi nagsaalang-alang sa aking mga mandato ang mananatili; kung ang mga mapagpakumbaba na ang namuno sa mundo sa simula pa lamang, tinitiyak ko sa inyo na hindi na kakailanganin pa ng mundong ito ang paghuhukom; ang mga lumalabag ang lumilikha ng paghuhukom; wala ni isang lumabag ang makapapasok sa Kaharian ng Ama; nasa inyo mismo ang batas; ganyan na noon pa man; kailangan lang ninyong mag-isip at kayo ang lumilikha ng inyong paghuhukom; nag-iisip ang mater at espiritu sa kani-kaniyang mga batas; sapagkat walang itinakwil; lahat ay may parehong karapatan; walang hindi nakahihigit sa harap ng Ama; makikita ang mga karapatang ito sa lahat ng nahaharayang anyo;

bawat anyong nakikita ninyo sa mundo na inyong hinilling, nasaksihan ninyo ang paghiling sa mga ito; sapagkat bago magpunta sa mga planetaryong tahanan, nauna nang nangyari ang kasunduan sa mga elemento ng hinaharap; at lahat ng bagay na nakita ng inyong mga mata noong umiiral kayo ay hiniling ninyo sa mga Banal na Tipan; kaya naman sa Buhay na Sansinukob ng Amang Jehova, may karapatang humiling ng paghuhukom ang mater at espiritu; may kalayaang mamili ang mater at espiritu; dahil nakapag-iisa; kung hindi ganito, walang katumpakan sa katarungan; walang ekilibriyo sa karapatan ng bawat isa; makikita ang Katarungan ng Ama, na nag-iisa lamang, sa mga impinitong anyo; sapagkat wala Siyang limitasyon; umuusbong ang hustisya mula sa parehong mga aktong ginawa ng nilalang; ang asin ng buhay ang humuhulma sa katarungan nito; ang asin ng buhay ang kaalamang

natutuhan sa pag-iral ng isang tao; isinasaalang-alang ang kalayaang mamili; hindi pantay ang pag-usad ng pag-unlad ng mga espiritu at ng pagtamo ng kaalaman; ang ilan ay nauuna; ipinaliliwanag ng batas na ito ang pisikal na di-pagkakapantay-pantay sa inyong hanay; bawat kaalaman o natamasang asin ng buhay ay napananatili sa inyo; ngunit lahat ay relatibo sa impinitong digri; kayo mismo ang lumilikha ng mga katangian at kalidad ng inyong mga buhay na relatibidad; itinatakda ng pilosopiya ng inyong pag-iisip ang katangian, at ng inyong espiritwal na herarkiya sa Kaharian ng Langit ang kalidad; natatamo ang pinakamataas na kalidad sa pamamagitan ng pagpapakumbaba; sinusundan ito ng kaligayahan at paggawa; pagmasdan ang komplemento ng Komunismong Panlangit sa Kaharian ng Diyos; isang Komunismong Panlangit na may pilosopiya ng isang bata; ang hindi nagtanim at

umani ng kaligayahan sa kaniyang buhay ay hindi makapapasok sa Kaharian ng Langit; wala ni isang tanga ang makapapasok; kahit na ang katangahan o galit na ito ay tumagal lamang ng isang segundo o mas maikli; lahat kayo ay nangako sa Kaharian ng Langit na magiging maligaya sa buhay; ginagaya ang mismong Langit; nangako kayong magiging maligaya anuman ang mangyari; hindi ninyo hiniling na maging tanga ang inyong karakter; sapagkat alam ninyong hindi ito kinikilala sa kaharian; at alam ninyong sa pagiging tanga, hindi kayo makapapasok; kung sa inyong mga pag-iral ay paulit-ulit kayong nagalit, dahil ito sa di-makatarungang sistema ng buhay na pinili ng mga tao; at kailangang magbayad sa paghuhukom na ito ang mga lumikha ng ganitong sistema; sapagkat hiniling nila ito; at marapat lamang na ipagkaloob sa kanila; ukol sa mga demonyong lumikha ng mapang-abusong

kapitalismo, ipapataw sa kanila ang pinakamabigat na parusa ng Banal na Katarungan; pinangakuan ng mga demonyong ito ng ambisyon at pangigingibabaw ang Walang-hanggang Ama na luluwalhatiin ang Kaniyang Banal na Batas sa mundong ito; hindi upang maging sarili nilang tirano; sapagkat ang sistema ng buhay na ito na nagluluwal ng siyensiya ng kabutihan at kaginhawaan ang pasanin ng mundong ito; pasaning nalalapit nang magtapos; sapagkat nagsisimula na ang bagong panahon; Bagong Mundo na may Bagong Panahon; Bagong Moralidad na may Bagong Kapalaran; hindi ba itinuro sa inyo na binibigyan ng manlilikha ng bagong bihis ang lahat? Sinisimulan ang Huling Paghuhukom sa pamamagitan ng Doktrina ng Kordero ng Diyos; isang masakit na katapusan; sapagkat nagdudulot ng sakit ang mga paglabag sa Batas ng Ama; katulad ng naranasan ninyong kawalang-katarungan sa inyong buhay;

kawalang-katarungang bunga ng sistema ng
buhay na hindi nilikha ng Dakilang Ama at
hindi umiiral sa Kaharian ng Langit.-

Sinulat ng ALPHA at OMEGA.-



Kailan nagsimula ang matagal nang hinihintay
na Rebelasyon?

Ang sumusunod ay transkripsiyon ng cassette,
nirekord ng Emisaryong Alpha at Omega sa
Lima.

- ALPHA AT OMEGA: Katulad din ninyo
ako; noon pa man, katulad na ninyo ako; ang

kaibahan lamang, isinasagawa ko rito ang mga kautusan; sinabi minsan sa akin ng Ama, ipinasulat Niya sa akin sa isang papel na nasa akin pa; sinabi Niya sa akin ang mensahe, ipinasulat Niya sa akin; naaalaala ko ang sinulat ko: Anak, mamili ka, nais mo pang pagsilbihan ang Diyos o ipagpatuloy ang iyong makamundong buhay?; isa itong pamimili, sapagkat humiling ka ng kalayaang mamili sa buhay, katulad ng iba pa; binigyan Niya ako ng tatlong minuto upang mag-isip; kailangang linawin... na binigyan niya ako ng pagkakataong mamili; pagkatapos, sinabi ko sa Kaniya... tutugon ako sa Kaniya sa paraang telepatiko-Hindi, Anak, isulat mo, katulad ng hiniling mong isulat ito; bawat sensasyon ay hinihiling sa Diyos, at sinabi ko sa Kaniya: Amang Jehova, sumusunod ako sa inyo, sapagkat ang sa tao ay walang-hanggan, mas nanaisin kong sumunod sa isang maituturing na walang-hanggan.

- Kapatid (lalaki): Ngunit bata ka pa noong panahong iyon?

- ALPHA AT OMEGA: Oo, bata pa ako.

- Kapatid (lalaki): Pitong taong gulang, at nakauunawa ka na?

- ALPHA AT OMEGA: Oo, oo; ang papel na nasa akin pa, dinilaw ng panahon, manilaw-nilaw; itinago ko sa maleta, nariyan lamang; at sinabi sa akin ng Ama: Oo, anak, alam ko, ngunit kailangan mong mapagtagumpayan ang pagsubok; kahit na alam ito ng Walang-hanggan, kailangan mong mapagtagumpayan ang pagsubok; kung hindi mo ito napagtagumpayan, wala kang makukuhang anumang karanasan.

- Kapatid (babae): Nasorpresa ka ba Niya nang

ganoon lamang; sabihin natin, ganoon lamang, di-inaasahang pinili ka Niya?

- ALPHA AT OMEGA: Oo, sasabihin ko ito sa iyo, lahat ng matatarok na bagay ay hinihiling sa Diyos, katulad ng iba pang hinihiling na maimbento, hiniling kong malantad, bawat isa sa batas na ito ay hiniling sa Diyos.



ANG INTELEKTUWAL NA PAGHUHUKOM NG DIYOS PARA SA
HENERASYONG ITO.-

KUNG ANO ANG DARATING.-

DEPENDE SA BAWAT ISA KUNG ANO ANG DARATING; SAPAGKAT NAKASULAT NA HUHUSGAHAN ANG BAWAT ISA AYON SA KANILANG MGA GAWA; ANG BANAL NA PAGHUHUKOM NG DIYOS AY BINUBUO NG MGA IDEA MULA LABINDALAWANG TAONG GULANG PATAAS; SAPAGKAT ANG MGA BATA LAMANG ANG HINDI HUMAHARAP SA BANAL NA PAGHUHUKOM; ANG BANAL NA PAGHUHUKOM NG DIYOS AY PARA LAMANG SA MGA TINATAWAG NA MATANDA NA SA SINUBOK NA BUHAY; ANG INISIP SA ISANG SEGUNDO AY KATUMBAS NG BUONG PAG-IRAL; NA SANG-AYON SA KUNG PAANO ITO INISIP, MAAARING ITO AY MAGAANG PAG-IRAL NA NATAMO O MAGAANG PAG-IRAL NA NASAYANG; SAPAGKAT ANG MGA BAGAY NA PAG-AARI NG DIYOS AY WALANG KATAPUSAN; NAGHAHAIN ANG WALANG-HANGGAN NG MGA PAG-IRAL PARA SA MIKROSKOPIKONG MENTAL NA PAGSISIKAP.-

Sinulat ng ALPHA AT OMEGA.-

Hindi eksklusibo kaninuman ang mga bagay ng
Diyos.

• SIYENSIYA • MORAL • SIKOLOHIYA •
GALAKTIKONG PILOSOPIYA • BANAL NA
KATARUNGAN

Magkaingay kayo nang may kagalakan sa Diyos,
kayong lahat na lupain.

Mga Awit100

Sapagkat tuwirang makikipag-ugnayan sa lahat
ang Manlilikha ng Sansinukob; sa pamamagitan
ng Telepatikong Banal na Kasulatan.

Maligayang pagdating sa proyekto ng
pagsasalin.

Inihahain namin ang mga salin ng Telepatikong
Mensahe, sa Alpha o inisyal nitong yugto.

Nakasulat sa Espanyol ang Mensahe.

Kailangang suriin ng Planetaryong Komunidad ang mga salin upang magkaroon ng pinakamahusay na salin.

Mada-download mo ang mga libro sa isang klik lamang.

Ang Selestiyal na Siyensiya ay ang Telepatikong Banal na Kasulatan; at ang Kordero ng Diyos ang simbolo nito.

Ang Alpha at Omega ang awtor ng pambihirang Telepatikong Banal na Kasulatan. Nakapagsulat na siya ng 4,000 na iskrol hanggang 1978 sa Chile at Peru.

Ang banal na Rebelasyong ito ay tinatalakay sa aklat ng Rebelasyon bilang Rolyo at bilang

Kordero (Kabanata 5).

Iपालिलिwanag ng Selestiyal na Siyensiya ang pinagmulan ng lahat ng bagay at ipinahahayag kung ano ang darating.

Naghintay ang Rebelasyon ng ilang siglo.

Lalaganap ang Rebelasyon sa buong Daigdig at isasalin sa lahat ng wika sa mundo; at walang interprete o tagasalin ang hindi lalahok dito; sapagkat ang bawat titik na isinalin ay liwanag na napagtagumpayan.

Narito ang Rebelasyon ng mga Selyo; at ngangahulugang ang sugo ng Ama lamang ang makapagsusulat ng mga Rolyo ng Kordero ng Diyos.

Lahat ng Rebelasyo ng Kordero ng Diyos

ay nasa mga rolyo ng maninipis na papel at karton; na matutupad ang banal na kasulatan, maibabahagi sa mundo; nasa isa sa mga bisyon ng Banal na kasulatan ang mga rolyo; at walang katapusan sa kaalamang ito.

Ang Iskrol at ang Kordero (Apokalipsis 5)



